



Estilong Instruksyonal ng Guro sa Pagtuturo ng Filipino at Pakikilahok ng mga Mag-Aaral Tungo sa Estratehikal na Pamamahalang Pansilid

Maricar E. Nido

Western Colleges, Inc. – Naic, Cavite

maricare.nido@deped.gov.ph

Petsa ng Pagsumite:

Hulyo 10, 2026

Petsa ng Pagtanggap:

Hulyo 26, 2026

Petsa ng Paglathala:

Agosto 11, 2026

DOI:

10.5281/zenodo.21892054

Abstrak

Layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa mga estilong instruksyonal ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at ang antas ng kanilang pakikilahok sa pagkatuto, gayundin ay suriin kung may makabuluhang pagkakaiba at ugnayan sa pagitan ng mga baryabol batay sa edad at kasarian. Ito ay isinagawa sa Margarito A. Duavit Integrated School na kinapapalooban ng 554 mag-aaral na nasa ika-10 baitang sa nasabing paaralan, taong-panuruan 2025–2026. Gumamit ang mananaliksik ng deskriptibo-korelasyunal na disenyo upang mailarawan ang mga datos at matukoy ang ugnayan sa pagitan ng estilo ng pagtuturo at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinakita ng mga resulta na ang mga

guro sa Filipino ay gumagamit ng iba't ibang estilong instruksyonal—palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, at hybrid o blended—na itinuturing na epektibo at angkop sa iba't ibang sitwasyon ng pagtuturo. Samantala, ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pakikilahok sa lahat ng dimensiyon—paugali, pansarili, kognitibo, at pandamdamin—na nagpapakita ng kanilang aktibong partisipasyon, interes, at kasiyahan sa pag-aaral ng Filipino. Napatunayan din na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral batay sa edad at kasarian, ngunit may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok batay sa edad, kung saan ang mga nasa edad 15–16 taong gulang ang pinakaaktibo. Higit pa rito, lumabas na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estilong instruksyonal ng mga guro at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral, na nangangahulugang habang nagiging mas epektibo ang mga paraan ng pagtuturo, tumataas din ang antas ng interes, sigla, at partisipasyon ng mga mag-aaral. Ipinapakita ng resulta na ang tagumpay ng pagkatuto sa Filipino ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na gumamit ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral at angkop sa makabagong pedagohiya.

Mga Susing Salita: *estilong instruksyonal, pakikilahok ng mag-aaral, pagtuturo ng Filipino, edad, kasarian*

INTRODUKSIYON

Ang edukasyon ay pundasyon ng pag-unlad ng bawat indibidwal at ng lipunan. Sa loob ng silid-aralan, mahalaga ang papel ng guro sa paghubog ng kaalaman, kasanayan, at saloobin ng mga mag-aaral. Sa asignaturang Filipino, ang paggamit ng angkop na estilo ng instruksyonal ay nagiging mahalagang salik upang hikayatin ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang istrategikong pamamahala ng guro sa loob ng silid-aralan ay may direktang epekto sa tagumpay ng mga mag-aaral, hindi lamang sa larangan ng pagkatuto kundi pati na rin sa kanilang pakikibahagi sa iba't ibang gawain pang-akademiko.

Sa kasalukuyan, napapansin ang iba't ibang hamon sa pagtuturo ng asignaturang Filipino. Kabilang dito ang mababang antas ng interes ng mga mag-aaral sa paksa, kawalan ng aktibong partisipasyon, at limitadong estratehiya sa pag-aangkop ng mga guro sa kanilang mga estilo ng pagtuturo. Kaugnay nito, mahalaga ang pag-aaral sa ugnayan ng istilong instruksiyonal ng mga guro at pakikilahok ng mga mag-aaral upang makabuo ng mas epektibong pamamaraan sa pamamahala sa loob ng silid-aralan.

Sa loob ng silid-aralan, may malaking impluwensya ang mga guro sa buhay ng kanilang mga mag-aaral. Bukod sa pagtuturo, bahagi rin ng kanilang tungkulin ang pagtataguyod ng positibong kapaligiran para sa pagkatuto. Kasabay nito, ang tagumpay ng mga mag-aaral ay hindi lamang nasusukat sa mga markang kanilang natatamo kundi pati na rin sa paraan kung paano nila ito nakamit—kung sila ba ay nagpakita ng interes o natuto lamang para masabing natuto (Inayat at Ali, 2020).

Karaniwan, ang istilo ng pagtuturo ng isang guro ay may kaugnayan sa tagumpay o kabiguan ng mga mag-aaral. Direktang naapektuhan ito ng mga pamamaraang ginagamit ng guro sa pagtuturo. Sa ganitong paraan, nagiging mahalagang bahagi ang istilo ng pagtuturo sa epektibong paghahatid ng nilalaman ng edukasyon (Sim at Mohd, 2022). Higit pa rito, ang istilo ng pagtuturo ay isang dinamikong konsepto na naglalarawan kung paano ipinapasa ng mga guro ang kaalaman, isinasakatuparan ang mga gawaing pangklase, at sinusubaybayan ang mga mag-aaral (Ahmed et al., 2020).

Napili ang paksang ito bilang sentro ng pananaliksik dahil naniniwala ang mga mananaliksik na ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay hindi lamang nakadepende sa kanilang personal na interes kundi pati na rin sa kakayahan ng guro na magbigay ng mga makabuluhang karanasan sa pagkatuto. Sa ganitong paraan, makakabuo ng mas inklusibo at makabagong pamamaraan ng pagtuturo na tumutugon sa pangangailangan ng makabagong henerasyon ng mga mag-aaral.

Dagdag pa rito, layunin ng pananaliksik na ito na mabigyang-liwanag ang mga epektibong estilo ng pagtuturo sa asignaturang Filipino na maaaring magamit ng mga guro sa pagpapabuti ng kanilang pamamaraan sa pagtuturo. Sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga estratehiya ng mga guro, masusuri kung paano nito naapektuhan ang pag-unlad ng mga mag-aaral at ang kanilang aktibong pakikilahok sa klase.

Mahalaga rin ang papel ng pananaliksik na ito sa pagbibigay ng suporta sa mga guro upang makabuo ng mas sistematikong paraan ng pamamahala sa silid-aralan. Sa tulong ng pag-aaral, maaaring makabuo ng mga rekomendasyong nakatuon sa pagpapalakas ng kolaborasyon sa pagitan ng guro at mga mag-aaral. Sa ganitong paraan, mas mapapahusay ang proseso ng pagtuturo at pagkatuto sa asignaturang Filipino.

Ang inobasyon ng kurikulum upang nakaangkla sa global na kompetensiya ay naging layunin ng sistemang pang-edukasyon ng Pilipinas. Noong ipinatupad ang K-12 curriculum noong 2013, nag-organisa ang Kagawaran ng Edukasyon ng mga pagsasanay para sa mga guro upang mapabuti ang kanilang kakayahan sa pagtuturo at pagpapalaganap ng kaalaman (Balansag, 2018). Ipinapakita ng isang matagumpay na pamamaraan ng pagtuturo ang kakayahan ng guro na mag-organisa o mamahala ng silid-aralan at magbigay-inspirasyon sa mga mag-aaral upang aktibong makilahok sa proseso ng pagkatuto. Bawat guro ay may natatanging metodolohiya ng pagtuturo na nakabatay sa konteksto ng silid-aralan at ang pangangailangan ng mga mag-aaral upang maging matagumpay sa kanilang pagkatuto (Ariany et al., 2021).

Ayon kay Dela Rosa at Vargas (2021), ang pinakamahalagang aspekto sa pag-abot ng kahusayan sa edukasyon ay ang papel ng mga guro sa paghubog at pagbuo ng mga mahusay na mag-aaral. Upang mapabuti ang mga pagkakataon sa pagkatuto ng mga mag-aaral, ipinapayo nina Ligan at Tacadena (2022) na ang mga guro ay dapat gumamit ng mga aktibidad at magganyak sa mga mag-aaral sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga rubrik na makatutulong sa pagpapataas ng kanilang tagumpay gamit ang praktikal at kognitibong pamamaraan. Ang mga aktibidad at estratehiyang ito ay naglalayong mapalawak ang kapasidad ng mga mag-aaral at magbigay sa kanila ng mga kasanayan para sa global na kompetisyon.

Sang-ayon naman kina Dela Rosa at Vargas (2021), ang pagkakaroon ng iba't ibang estilo ng pagtuturo ay naglalayong tugunan ang mga natatanging pangangailangan ng mga mag-aaral sa isang partikular na konteksto, kaya mahalaga na patuloy na suriin at baguhin ang mga metodolohiya upang mapabuti ang mga resulta ng pagkatuto. Sa ganitong paraan, maaaring magamit ang mga karanasan sa pagkatuto ng mag-aaral, alinsunod sa mga pangangailangan ng makabagong edukasyon at mga global na pamantayan.

Sinusuportahan ng pag-aaral nina Schwartzstein at Roberts (2017) ang ideya na ang mga lektura ay maaaring magtagumpay bilang isang epektibong estratehiya sa edukasyon kapag isinasagawa bilang interaktibong sesyon ng malaking grupo na may kasamang mga talakayan at regular na interaksyon ng mga mag-aaral sa pamamagitan ng mga tanong. Ang mga ganitong uri ng lektura ay nangangailangan ng tamang paghahanda mula sa mga mag-aaral bago ang sesyon. Gayunpaman, bagamat madalas na mas gusto ng mga guro at mag-aaral ang mga interaktibong anyo tulad ng mga seminar at gabay-turo, ang kanilang pagsasama sa mga lektura ay nagiging mahirap dahil sa dami ng mga mag-aaral (Querol & Crawford, 2016). Dahil dito, ang lektura pa rin ang pinakapraktikal na paraan upang magturo sa malalaking grupo ng mga mag-aaral.

Sa karagdagan, batay sa pag-aaral nina Sengsouliya et al. (2020), nagpapakita ng mas mataas na antas ng pakikilahok ang mga mag-aaral kapag pinapalakad ng guro ang mga talakayan sa pagitan ng mga kamag-aaral. Ang mga tambalang diskusyon ay nagiging isang mahalagang bahagi ng proseso ng pagkatuto, dahil ito ay nakakatulong sa mas malalim na pag-unawa at aktibong paglahok ng bawat mag-aaral sa klase.

Ayon sa pag-aaral nina Thoron at Bunch (2021), ipinakita nila na ang mga demonstrasyon ay epektibong paraan sa pagtuturo ng mga kasanayan na nangangailangan ng maraming hakbang. Sa pamamagitan ng aktibong pakikisalamuha sa mga mag-aaral at pagtatanong upang hikayatin ang kanilang partisipasyon, nakatutulong ang mga demonstrasyon na mapalalim ang pagkaunawa ng mga mag-aaral sa paksa. Tulad ng iba pang mga estratehiya sa pagkatuto, nakakatulong ang mga demonstrasyon na mas maipaliwanag ng guro ang mga konsepto at hakbang na kailangang sundin.

Gayundin, ayon kay Basheer et al. (2016), ang mga mag-aaral ay may pagkakataong ipakita ang kanilang mga kognitibong estratehiya kapag pinapanood nila ang guro na nagsasalita ng malakas habang nagsasagawa ng demonstrasyon. Ang prosesong ito ay nagbibigay sa mga mag-aaral ng pagkakataon na magtanong at magpahayag ng kanilang mga ideya, na nagiging daan upang mas maintindihan nila ang mga konsepto at masusing matutunan ang mga hakbang sa pagpapaliwanag.

Ayon sa pag-aaral nina Aldajah et al. (2014), ang dulong na nakasentro sa mag-aaral ay isang estratehiya kung saan binibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng mas maraming kontrol at pananagutan sa kanilang sariling pagkatuto. Sa ganitong uri ng pagtuturo, kadalasang hinihikayat ang mga mag-aaral na lumikha at magsagawa ng mga kumplikadong proyekto sa pagkatuto, kung saan ang guro ay nagsisilbing

tagapayo. Ang mga mag-aaral ay hinihikayat na magtrabaho nang nakapag-iisa o sa mga grupo, at kinakailangan nilang maging epektibo sa pakikipagtulungan sa iba.

Ang modelong ito ay tumutok sa pagpapalakas ng kasanayan ng mga mag-aaral sa paggawa ng desisyon at sa pagpapalaganap ng kanilang mga ideya sa mga proyekto, na nagpapalalim sa kanilang kasanayan sa kooperasyon at paglutas ng suliranin (Bond et al., 2019). Ito rin ay isang pagkakataon para sa mga mag-aaral na paunlarin ang kanilang kakayahan sa pamumuno at independiyenteng pag-iisip, na isang mahalagang aspeto ng kanilang edukasyon.

Ayon kay Han (2021), ang mataas na antas ng pakikilahok ay resulta ng positibong ugnayan sa guro, malinaw na layunin ng pag-aaral, at mga aktibidad na nakakainteres sa mga mag-aaral. Sa asignaturang Filipino, ang aktibong pakikilahok ay mahalaga upang mahasa ang kakayahan sa pagsasalita, pagsusulat, at pag-unawa sa konteksto ng wika at panitikan.

Sa kabilang banda, sa mga natuklasan nina Cardino at Ortega (2020), karamihan sa mga mag-aaral ay nagpapakita ng pinaghalong estilo ng nakapagsasarili at kolaboratibong pagkatuto. Gayunpaman, batay sa pagsusuri, ang nakapagsasariling istilo lamang ang may makabuluhang epekto sa resulta ng pagkatuto ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang. Ang natuklasang ito ay nagpapakita ng kahalagahan ng pagbibigay-diin sa kalayaan ng mag-aaral sa pagkatuto habang sinusuportahan ang kanilang kakayahang magtrabaho sa ilalim ng iba't ibang istruktura ng pagtuturo.

Ang pagpapalakas ng pagkatuto ng mga mag-aaral at ang pagpapataas ng kanilang interes sa akademiko ay isa sa pinakamalaking hamon sa larangan ng edukasyon (Hyunjoo & Boo, 2022). Isang pag-aaral sa isang paaralan sa China ang nagpakita ng pangangailangan ng mas pinong mga metodolohiya, partikular sa pagtuturo ng sining. Ipinakita nito na mahalaga ang pagbibigay sa mga guro ng teorikal at praktikal na kaalaman upang mapabuti ang kanilang istilo ng pagtuturo at mapataas ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa silid-aralan (Yu-shan Wang et al., 2023).

Ayon sa pag-aaral nina Mustamiah at Widanti (2020), may mga pagkakaiba sa estilo ng pagkatuto ng mga lalaki at babae. Inilahad nila na ang mga mag-aaral mula sa magkakaibang kasarian ay may mga partikular na preperensiya sa kanilang estilo ng pagkatuto, na nagiging sanhi ng pagkakaibang pamamaraan ng pagpapsinaya sa mga aktibidad pang-akademiko. Sa parehong linya, sinuportahan ng pag-aaral nina Lie et al. (2018) ang ideya na ang mga magkahalong kasarian na klase ay nakatutulong upang ang bawat kasarian ay matuto mula sa isa't isa. Ayon sa kanilang natuklasan, ang pagkakaroon ng ganitong kaligiran ay nagpapalawak ng pananaw ng mga mag-aaral at pinapalakas ang kanilang kakayahang makipag-ugnayan at makipagtulungan. Dagdag pa rito, ipinakita ng mga pag-aaral na kapag ang mga mag-aaral ay aktibong nakikilahok sa mga pang-akademikong at sosyal na aktibidad, pati na rin sa pagsunod sa mga regulasyon at mga gawain sa pagkatuto, may malaking posibilidad silang magtagumpay sa kanilang mga layunin sa pagkatuto. Ang ganitong aktibong partisipasyon ay may direktang epekto sa kanilang pagganap sa klase at sa kanilang pang-akademikong tagumpay.

Ayon kina Sim at Mohd (2022), ang estilong instruksiyonal ng guro ay may malaking epekto sa antas ng pagkatuto at pakikilahok ng mga mag-aaral. Ang mga estilo ng pagtuturo ay maaaring magmula sa tradisyunal, tulad ng palekturang pagtuturo hanggang sa modernong pamamaraan, tulad ng kolaboratibong pagkatuto, aktibong pagkatuto, at dulong na nakasentro sa mag-aaral. Ang mga modernong estratehiyang ito ay tumutugon sa pangangailangan ng makabagong edukasyon, na naglalayong gawing mas interaktibo at makabuluhan ang karanasan ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Sa asignaturang

Filipino, ang istilong instruksiyonal ng guro ay hindi lamang nakatuon sa pagpapasa ng kaalaman tungkol sa wika, kundi pati na rin sa pagpapahalaga sa kultura at pagpapalalim ng kakayahang mag-isip nang kritikal. Ang tamang istilo ng pagtuturo ay dapat nakabatay sa antas ng kakayahan ng mga mag-aaral at sa kontekstong pang-edukasyon. Ang paggamit ng halo-halong pamamaraan—kung saan ang tradisyunal at modernong estratehiya ay pinagsasama—ay maaaring maging epektibo upang tugunan ang iba’t ibang pangangailangan ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Bukod dito, ang mga kontekstuwal na salik tulad ng mga lugar ng pagkatuto o mga pamamaraan ginagamit ng mga guro ay may direktang epekto sa pakikilahok ng mga mag-aaral (Bond & Bedenlier, 2019). Ang mga estilo ng pagkatuto ay maaaring baguhin ng parehong mag-aaral at guro upang matugunan ang mga pamantayang pang-akademiko at makalikha ng positibong kapaligiran sa pag-aaral. Binibigyang-diin din ng pag-aaral ang kahalagahan ng pagbibigay ng higit na kalayaan sa mga mag-aaral na tanggapin ang mga bagong pamamaraan ng pagtuturo at paunlarin ang kanilang estilo ng pagkatuto (Tongson & Eslit, 2018).

Ayon kina Cardino at Ortega (2020), binibigyang-diin nila ang kahalagahan ng ugnayan ng proseso ng pagtuturo at pagkatuto, na kinakailangang magkaroon ng isang malalim na koneksyon, ugnayan, o tulay sa pagitan ng guro at mag-aaral. Ang paraan ng pagpapakita ng guro ng isang aralin ay may malaking epekto sa mga motibasyong nagpapa-engganyo sa mag-aaral na magsikap sa klase. Sa parehong paraan, ang istilo ng pagtuturo ng guro ay may direktang epekto sa motibasyon ng mag-aaral na matuto (Samson, 2019).

Bilang resulta, naniniwala si Macqueen at Ferguson (2020) na kinakailangan pa ng karagdagang pag-aaral upang suriin ang iba’t ibang mga pamamaraan ng pagtuturo sa iba’t ibang mga sitwasyon sa iba’t ibang mga bansa. Sa pag-aaral na ito, ginamit ang Grasha-Riechmann integrated model dahil sa pagkakapareho ng mga bahagi ng pagpapadala ng pagkatuto sa institusyon. Kabilang sa mga bahagi ng modelo ang mga tungkulin ng guro, tagapanguna, tagagabay, at tagapagbahagi, na nagbibigay-daan upang matukoy ang mga pagkakaiba sa mga tugon ng mga mag-aaral sa ilalim ng iba’t ibang mga grupong ito. Ang modelong ito ay tumutulong sa mga guro at mananaliksik na maunawaan kung paano ang bawat istilo ng pagtuturo ay nakakaapekto sa pakikilahok at tagumpay ng mag-aaral sa mga iba’t ibang kaligiran at kultura ng edukasyon.

Gayunpaman, ang epekto ng estilo ng pagtuturo ay malaki ang kontribusyon sa paghubog ng paglalakbay ng mag-aaral sa pagkatuto at sa pagbubuo ng mga pangmatagalang impresyon tungkol sa mga guro (Ghanizadeh & Jahedizadeh, 2016). Tulad ng mga lider, may malaking impluwensiya ang mga guro sa mga saloobin at asal ng mga mag-aaral. Sila ay may tungkuling subaybayan ang progreso, pasiglahin ang motibasyon, epektibong pamahalaan ang dinamika sa silid-aralan, at aktibong hikayatin ang mga mag-aaral na makilahok (Keethigha & Singh, 2023). Ang mga guro, sa pamamagitan ng kanilang istilo ng pagtuturo, ay may kakayahang magbigay ng makapangyarihang epekto sa proseso ng pagkatuto ng mag-aaral, na may direktang epekto sa kanilang pag-unawa at pang-akademikong tagumpay.

Ayon sa pananaliksik ni DeVito (2016), natuklasan na ang mga mag-aaral ay nagiging mas aktibong kasali sa kanilang pagkatuto kapag malinaw ang kanilang pag-unawa sa mga inaasahan ng guro at kapag binigyan sila ng pagkakataon na makilahok sa paggawa ng desisyon. Inilahad ng mga respondente na ang estilo ng pagtuturo ng guro ay isang mahalagang salik na nag-udyok sa kanila upang maging mas masigasig sa kanilang pagkatuto. Ipinapakita ng mga resulta na ang guro ay may mahalagang papel sa pagpapalakas at pagpapanatili ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase. Kaya naman, mahalaga na muling

suriin ang pananaw ng mga guro tungkol sa pakikilahok ng mag-aaral upang matukoy kung may mga maling akala na nakakaapekto sa kanilang paraan ng pakikisalamuha sa mga mag-aaral (Pedler et al., 2020).

Dagdag pa rito, binigyang-diin ng pag-aaral ni Pooja (2017) na upang maging mas epektibo ang isang teknik sa pagtuturo, ang mga guro ay dapat magpakita ng kaangkupan at kahandaan na baguhin ang kanilang mga pamamaraan sa pagtuturo upang matugunan ang mga pangangailangan ng mga mag-aaral at matulungan silang magtagumpay. Ang pagiging bukas sa pagbabago ng estilo ng pagtuturo ay isang mahalagang aspekto upang mapabuti ang pakikilahok ng mag-aaral at matulungan silang makamit ang kanilang mga layunin sa edukasyon.

Sa kabilang banda, nakasalig ang pag-aaral sa iba't ibang teorya na na sumusuporta sa kaligiran ng paggamit ng estilong instruksiyonal at pagtutuo sa pakikilahok ng mga mag-aaral sa loob ng silid-aralan. Una na ang, *Teorya ng Pansariling Determinasyon* nina Deci at Ryan (1995: 2020) ay isang kilalang teorya sa sikolohiya na nagpapaliwanag kung paano naaapektuhan ng mga panloob at panlabas na motibasyon ang pag-uugali at pagganap ng tao. Ayon sa teorya, mahalagang matugunan ang tatlong pangunahing sikolohikal na pangangailangan upang makamit ang pangunahing paggana at kagalingan. (1) *Awtonomiya*—tumutukoy ito sa pangangailangan ng isang indibidwal na magkaroon ng kontrol o awtonomiya sa kanilang mga desisyon at kilos. Sa silid-aralan, ang pagbibigay sa mag-aaral ng kalayaan na pumili ng paraan ng pag-aaral o paglahok sa mga gawain ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng motibasyon. Halimbawa, kapag binigyan sila ng pagkakataon na magdesisyon sa mga proyekto o diskusyon, nagiging mas makabuluhan ang kanilang pagkatuto. (2) *Kompetensiya*-- Ito ang pangangailangan ng isang tao na maramdaman ang kakayahan at kahusayan sa pagganap ng isang gawain. Sa konteksto ng edukasyon, ang guro ay dapat magbigay ng malinaw na layunin, tamang gabay, at suporta upang mapalakas ang tiwala ng mga mag-aaral sa kanilang kakayahan. Ang positibong pidbak at palagiang pagsusuri ay mahalaga upang patuloy silang maengganyo sa pagkatuto. (3) *Kaugnayan*—ang pagkakaroon ng koneksyon o kaugnayan sa iba ay mahalagang aspekto ng SDT. Ang pakiramdam ng pagiging bahagi ng isang komunidad o grupo ay nakapagpapataas ng motibasyon ng mag-aaral. Sa silid-aralan, ang isang guro na nagpapakita ng malasakit, pakikiisa, at pagbibigay-halaga sa mga opinyon ng mag-aaral ay nakatutulong upang makabuo ng positibong kapaligiran para sa pagkatuto.

Sa isang pag-aaral nina Deci et al. (2020), napatunayan na ang mga estratehiya ng guro na nagbibigay ng suporta sa awtonomiya ay nagdudulot ng mas mataas na antas ng kasiyahan sa mga mag-aaral at positibong resulta sa pagkatuto. Gayundin, ayon kay Han (2021), ang pagbibigay ng gabay at personal na ugnayan sa mga mag-aaral ay nagpapataas ng kanilang tiwala at pakikilahok sa klase.




Figura 1. Ang Paradigma ng Pag-aaral

Ipinapamalas ng paradigma ang daloy ng pag-aaral. Isa sa mga pangunahing baryabol ang katangiang pampropayl ng mga respondente na batay sa kanilang edad at kasarian. Ang banggit na mga baryabol na ito'y magsisilbing mga salik upang masuri ang pagkakaroon ng pagkakaiba sa estilong instruksiyonal ng guro at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase ng asignaturang Filipino.

Sa pag-aaral na ito, tatalakayin ang dalawang pangunahing baryabol: ang estilong instruksiyonal ng guro at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang estilo ng pagtuturo ng guro ay tumutukoy sa mga pamamaraang ginagamit upang maihatid ang kaalaman at maimpluwensyahan ang pagkatuto ng mag-aaral. Habang, ang pakikilahok ay tumutukoy sa aktibong partisipasyon ng mag-aaral sa mga aktibidad sa klase, tulad ng talakayan, grupo o indibidwal na gawain, at pagsusuri ng mga aralin. Ang Filipino bilang asignatura ay may natatanging katangian dahil ito ay naglalaman ng mga elementong wika, panitikan, at kultura. Ang angkop na istilo ng pagtuturo ay dapat hindi lamang magturo ng kasanayang teknikal kundi magbigay-inspirasyon sa mga mag-aaral na maunawaan ang kahalagahan ng kanilang pagkakakilanlan bilang Pilipino.

Sa pamamagitan ng masusing pagsusuri sa dalawang baryabol, makakabuo ng mga rekomendasyon para sa mas epektibong estratehikong pamamahala ng silid-aralan, na maaaring humantong sa mas mataas na kalidad ng edukasyon.

Gayun pa man, ninanais din ng pananaliksik na ito na tugunan ang mga sumusunod na suliranin: (1) Propayl ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad at kasarian; (2) Pag-alam sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino; (3) Pag-alam sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino; (4) Paglalarawan sa makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa estilong instruksiyonal ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ayon sa kanilang katangiang pampropayl; (5) Pagsusuri sa makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ayon sa kanilang katangiang pampropayl; at (6) Pagpapanukala ng isang estratehikal na pamamahalang pansilid na makatutulong sa pagbubuo ng isang inklusibo at kolaboratibong atmospera ng pagkatuto.

Kaugnay nito, ipinagpapalagay nang pananaliksik na ito na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil sa estilong instruksiyonal ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino ayon sa kanilang katangiang pampropayl. Gayun din naman, isinasaad na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral hinggil ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino ayon sa kanilang katangiang pampropayl.

METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito'y gumamit ng deskriptibong-korelasyunal na pamamaraan. Inilapat ito upang matuklasan at mailarawan ang ugnayan sa pagitan ng estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino. Ang deskriptibong-korelasyunal na pamamaraan ay kakikitaan ng empirikal na batayan upang mapag-aralan ang saklaw ng ugnayan ng mga baryabol na tinataya sa isang pananaliksik.

Gayun din naman, tinuklas din ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga banggit na baryabol na mahalaga upang humantong ang mananaliksik sa pagpapanukala ng isang estratehikal na pamamahalang pansilid.

Ang pag-aaral na ito ay isinagawa sa Margarito A. Duavit Integrated School, isang pampublikong paaralan na matatagpuan sa Quarry Road, Barangay Pantok, Binangonan, Rizal. Ang paaralang ito ay may makulay na kasaysayan na nagsimula noong 1991, sa pagkakatatag nito bilang Binangonan Municipal High School matapos ang donasyon ng lupa mula sa pamilyang Madrigal at pagpopondo mula sa Sangguniang Panlalawigan sa pamumuno noon ni Mayor Casimiro Ynares Jr. at Provincial Governor Reynaldo R. San Juan, sa tulong ng mga negosasyon ni Atty. Gilberto Duavit. Itinatag ito sa 32,458 metro kuwadrang lupain, bilang katuparan ng matagal nang mithiin ng pamahalaang lokal na magkaroon ng mataas na paaralang magsisilbi sa mga kabataang Binangonan.

Sa paglipas ng panahon, ang Margarito A. Duavit Integrated School ay naging haligi ng edukasyon sa antas sekundarya, na patuloy na nagbibigay ng de-kalidad na pagtuturo sa loob ng mahigit dalawang dekada. Sa kasalukuyan, ito ay nagsisilbing pambansang modelo ng dedikasyon ng mga guro at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto.

Ang konteksto ng paaralang ito ay may malaking kaugnayan sa pag-aaral. Sapagkat, ang mayamang kasaysayan at matatag na kultura ng akademikong disiplina sa paaralang ito ay nagbibigay ng angkop na kapaligiran para sa pagsusuri ng mga estratehiya ng guro at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Dahil sa tagal ng paninilbihan nito sa komunidad—halos tatlong taon mula nang maitatag—naging sentro ito ng paghubog ng mga guro na may iba't ibang estilong instruksiyonal, pati na rin ng mga mag-aaral na may iba't ibang antas ng partisipasyon sa klase. Ang obserbasyong ito ang nagsilbing batayan upang masuri kung paano nagkakaroon ng ugnayan ang estratehiya ng guro sa pagtuturo ng Filipino at pakikilahok ng mag-aaral sa loob ng silid-aralan, na sa kalaunan ay makatutulong sa pagbuo ng isang gabay sa estratehikong pamamahala ng pansilid na nakabatay sa kontekstong lokal ng Margarito A. Duavit Integrated School.

Ang instrumento na ginamit sa pag-aaral na ito ay binuo ng mananaliksik batay sa mga nakalap na kaugnay na literatura at pag-aaral. Binubuo ito ng tatlong bahagi. Una, ang Katanging Pampropayl, na naglalaman ng impormasyon tungkol sa edad at kasarian ng mga mag-aaral na bahagi ng pananaliksik na ito. Ikalawa, ang estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro—ito'y kinapapalooban ng limang kategorya (estilong lektura (10 aytem), estilong papangkat (10 aytem), estilong pakitang-turo (10 aytem), estilong paggabay (10 aytem), estilong hybrid o blended (10 aytem); Ikatlo, ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino na nahahati naman sa apat na kategorya—ang Pag-uugaling Pakikilahok (5 aytem), Pansariling Pakikilahok (7 aytem), Kognitibong Pakikilahok (4 na aytem), at Pandamdaming Pakikilahok (4 aytem). Sa kabuuan nagtataglay ito ng 20 tanong na hango at adaptasyon mula sa pag-aaral ni Reeve (2023). Ang pagsasama-sama ng mga elementong ito ay naglalayong magbigay ng komprehensibong pagsusuri sa kasanayan ng mga mag-aaral sa pagbabasa.

Ginamit ang *4-point likert* na iskala upang mabigyang pagtataya at interpretasyon ang mga datos na may kinalaman sa estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino.

Puntos	Iskala	Deskripsyon
4	3.25—4.00	Lubos na Sumasang-ayon
3	2.50—3.24	Sumasang-ayon
2	1.75—2.49	Hindi Sumasang-ayon
1	1.00—1.74	Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Ang naging respondente ng pag-aaral na ito'y ang 554 na mga mag-aaral na nasa ika-10 baitang, taong-panuruan 2025-2026. Ginamit ang *systematic random sampling* upang maging pantay ang pagkakataon ng mga kalahok na maging bahagi ng pananaliksik na ito.

Ang pamamaraan ng pangangalap ng mga datos ay sa pamamagitan ng isang talatanungan na binubuo ng tatlong bahagi: Una, ang mga tanong na tumatalakay sa katangiang propayl ng mga mag-aaral batay sa kanilang edad at kasarian para sa demograpikong pagtatala; Ikalawa, ang pag-alam sa pananaw ng mga mag-aaral sa estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro; at ikatlo, ang pagtuklas ng antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino.

Matapos ang pagbubuo ng naturang talatanungan, ito'y ipinasulit sa mga guro at sa mga mag-aaral na hindi kabilang sa magiging respondente ng pag-aaral na ito at ang mga kasamahan ng mananaliksik. Gayundin naman, sa pamamagitan ng mga dalubguro ng paaralang gradwado ay humingi ang mananaliksik ng pamtatubay upang marebisa ang talatanungan. Dagdag pa, ang huling hakbang sa balidasyon ay ang *proposal na depensa* na ang mga komento at suhestiyon ng mga lupon ng tagasulit ay bibigyang konsiderasyon upang maiwasto ang nilalaman ng talatanungan.

Ang Statistical Package for Social Science (SPSS) ay ginamit sa pag-aanalisa ng mga datos. Ang mga hakbang sa pagsasagawa nito'y iniayon batay sa itinakdang layunin at pagtataya ng mga suliranin ng pag-aaral na ito. Ang deskriptibo at inperensiyal na istadistika'y magkatuwang na ginamit sa pananaliksik na ito. Ito'y nahahati sa mga sumusunod na bahagi:

1. Ang *prekwensi at bahagdan* ay ginamit upang mailarawan ang katangiang pampropayl ng mga respondente batay sa kanilang edad at kasarian.
2. Ang *mean at standard deviation* upang matukoy ang estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipino at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino.
3. Ang *Pearson's product moment correlation coefficient* upang mataya ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng Filipino at ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase sa asignaturang Filipino.

RESULTA

Propayl ng mga Respondente

Talahanayan 1
Distribusyon ng Dalas ng mga Respondente batay sa kanilang
Demograpikong Propayl

Propayl	Bilang	Bahagdan
<i>Kasarian</i>		
Lalaki	267	48.2%
Babae	287	51.8%
Kabuuan	554	100%
<i>Edad</i>		
14 taong gulang	166	30.0%
15 taong gulang	197	35.6%
16 taong gulang	93	16.8%
17 taong gulang	98	17.7%

Kabuuan	554	100%
----------------	------------	-------------

Batay sa ipinakitang datos sa Talahanayan 1, makikita na bahagyang mas mataas ang bilang ng mga babae (287 o 51.8%) kumpara sa mga lalaki (267 o 48.2%) bilang mga respondente sa pag-aaral. Ipinapakita nito na mas marami ang kababaihang lumahok sa pag-aaral. Maaaring ipakahulugan na ang mga babaeng mag-aaral ay mas aktibo at may mataas na antas ng partisipasyon sa mga gawaing pang-akademiko, lalo na sa asignaturang Filipino. Ayon kay Villanueva (2021), kadalasang mas nakikibahagi sa mga gawaing pampaaralan ang mga babaeng mag-aaral dahil sa mas mataas na motibasyong matuto at mas positibong pananaw sa mga araling may kinalaman sa komunikasyon at wika.

Samantala, batay sa edad, pinakamarami sa mga respondente ay nasa 15 taong gulang (197 o 35.6%), sinundan ng mga 14 taong gulang (166 o 30.0%). Ipinahihiwatig nito na ang karamihan sa mga kalahok ay kabilang sa karaniwang gulang ng mga mag-aaral sa ikasiyam na baitang (Grade 9). Sa yugtong ito ng pagdadalaga o pagbibinata, aktibong umuusbong ang kakayahang makipag-ugnayan, makibahagi, at umunawa ng mas malalalim na konsepto ng wika. Ipinapakita ng datos na ang edad na ito ay mahalagang yugto sa paghubog ng mga estratehikong kasanayan sa pagkatuto, sapagkat ayon kay Reyes (2022), ang mga mag-aaral sa nasabing edad ay may mataas na kakayahang umangkop sa mga makabagong paraan ng pagtuturo at mas handang makibahagi sa interaktibong pag-aaral.

Ang mga natuklasan ay sumusuporta sa pag-aaral nina Cruz at Javier (2023) na nagpapakita na ang partisipasyon ng mga mag-aaral, lalo na ng mga kababaihan, ay positibong naaapektuhan ng mga estratehiyang nakatuon sa mag-aaral sa pagtuturo ng wika. Gayunman, may mga pananaliksik tulad ni Santos (2024) na nagsasabing hindi kasarian kundi estilo ng pagtuturo ng guro at kapaligiran ng pagkatuto ang higit na nakaaapekto sa antas ng pakikilahok ng mag-aaral. Samakatuwid, bagama't mas maraming babae at mas nakababatang mag-aaral ang lumahok, mahalaga pa ring suriin ang iba pang salik tulad ng estratehikong pamamahala ng guro upang lubos na maunawaan ang ugnayan ng kasarian, edad, at antas ng pakikilahok sa klase sa asignaturang Filipino.

Pagtataya hinggil sa estilong instruksiyonal na ginagamit ng guro sa pagtuturo ng asignaturang Filipino.

Talahanayan 2
Pagtataya ng mga Mag-aaral sa mga Estilong Instruksiyonal na Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Ayon sa Estilong Palektura

Estilong Palektura	Karaniwang Halaga	Karaniwang Paglihis	Interpretasyon	Ranggo
1. Gumagamit ang guro ng isang direksiyong presentasyon sa talakayan sa klase.	3.84	0.37	Lubos na Sumasang-ayon	3
2. Nagsasagawa ang guro ng karagdagang sesyon upang makakuha ng mas maraming impormasyon ang mga mag-aaral.	3.62	0.49	Lubos na Sumasang-ayon	7.5
3. Kapag nagtatalakay, binibigyan ng guro ang mga mag-aaral ng pagkakataong magsulat ng mga tala.	3.61	0.49	Lubos na Sumasang-ayon	9
4. Gumagamit ang guro ng mahahabang sesyon sa talakayan sa klase.	3.83	0.38	Lubos na Sumasang-ayon	4

5. Namimigay ang guro ng kopya ng kanyang aralin sa mga mag-aaral.	3.43	0.50	Sumasang-ayon	10
6. Gumagamit ang guro ng lektura bilang istilo ng pagtuturo para sa buong asignaturang Filipino.	3.62	0.58	Lubos na Sumasang-ayon	7.5
7. Hinihikayat ng guro ang pagkatuto sa pamamagitan ng pakikinig kasama siya.	3.88	0.32	Lubos na Sumasang-ayon	1
8. Gumagamit ang guro ng epektibong istilo na aktibong nakikilahok sa amin sa proseso ng pagkatuto.	3.86	0.35	Lubos na Sumasang-ayon	2
9. Nagbibigay ang guro ng mga aralin at aktibidad na nakabatay sa konseptwal na pagkatuto.	3.76	0.43	Lubos na Sumasang-ayon	5
10. Sinusuportahan niya ang pagkatutong nakasentro sa guro.	3.66	0.58	Lubos na Sumasang-ayon	6
Kabuuan	3.71	0.16	Lubos na Sumasang-ayon	

Tala: 3.51-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.51-3.50 Sumasang-ayon; 1.51-2.50 Hindi Sumasang-ayon; 1.00-1.50 Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Batay sa Talahanayan 2, makikita na ang pinakamataas na marka ay nasa pahayag na *“Hinahikayat ng guro ang pagkatuto sa pamamagitan ng pakikinig kasama siya”* na may karaniwang halagang 3.88 at interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon”, na siyang nanguna sa lahat ng indikador. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro sa asignaturang Filipino ay gumagamit ng palekturang estilo na may kasamang interaktibong pakikibahagi sa proseso ng pagtuturo. Ang ganitong paraan ay nagpapakita ng pakikilahok ng guro sa karanasan ng pagkatuto, kung saan ang guro ay hindi lamang tagapagsalita kundi gabay sa pag-unawa ng mag-aaral. Ayon kay Garcia (2021), epektibo ang ganitong uri ng pagtuturo dahil nakapagpapataas ito ng antas ng pakikibahagi at pag-unawa ng mag-aaral, lalo na sa mga paksang nangangailangan ng malalim na pagtalakay sa wika at kulturang Filipino. Samakatuwid, ipinapakita ng mataas na bahagdan na nananatiling makabuluhan ang palekturang estilo kapag ito ay sinasabayan ng aktibong interaksyon at paglahok ng mga mag-aaral.

Sa kabilang banda, ang pinakamababang marka ay matatagpuan sa pahayag na *“Namimigay ang guro ng kopya ng kaniyang aralin sa mga mag-aaral”* na may karaniwang halagang 3.43 at interpretasyong “Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na bagama’t ginagamit pa rin ng mga guro ang pamamaraang ito, ito ay hindi itinuturing na pangunahing estratehiya sa pagtuturo. Maaaring ito ay dahil sa pagbabago ng pananaw sa pedagohiya kung saan higit na binibigyang-halaga ngayon ang aktibong pagkatuto kaysa sa pasibong pagtanggap ng impormasyon. Ayon kay Mendoza (2022), ang simpleng pamimigay ng aralin o kopya ay hindi sapat upang mapalalim ang pagkatuto sapagkat hindi nito hinihikayat ang pagproseso ng kaalaman o malayang pag-iisip ng mga mag-aaral. Kaya’t makikita na unti-unting nababawasan ang paggamit ng ganitong tradisyonal na paraan sa mga modernong klase ng Filipino.

Sa kabuuan, ang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.71 na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon” ay nagpapakita na ang mga guro sa Filipino ay gumagamit pa rin ng palekturang estilo bilang mahalagang bahagi ng kanilang pagtuturo, subalit ito ay sinasamahan ng mga makabago at

kolaboratibong estratehiya. Ang resulta ay nagpapakita na ang dulong na nakabatay sa talakayan ay nananatiling epektibo kung ito ay nakatuon sa pag-unawa, interaksyon, at paglahok ng mag-aaral. Ipinahihiwatig din nito na ang mga guro ay nakaayon sa makabagong pananaw sa pedagohiya na nagbibigay-diin sa balanseng paggamit ng tradisyonal at modernong pamamaraan ng pagtuturo.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Bautista at Santos (2023) na nagpapakita na ang mga palekturang estilo ay nananatiling epektibo kung ito ay pinagsasama sa mga interaktibong aktibidad. Gayundin, sinang-ayunan ito ni Marquez (2024) na nagsabi na ang direktang pagtuturo ay mas epektibo kung isinasabay sa kognitibong partisipasyon ng mag-aaral. Sa kabilang dako, taliwas naman dito ang pahayag ni Nguyen (2022) na nagsasabing ang tradisyonal na palekturang estilo ay nagiging hadlang sa kalayaan ng mag-aaral at malayang pagkatuto ng mag-aaral kung labis na binibigyang-diin ang guro bilang sentro ng kaalaman. Sa ganitong pananaw, makikitang ang palekturang estilo sa pagtuturo ng Filipino ay patuloy na umuusbong mula sa pagiging tradisyonal tungo sa interaktibo at estratehikong pamamahala ng silid-aralan, na siyang layunin ng kasalukuyang pag-aaral.

Talahanayan 3
Pagtataya ng mga Mag-aaral sa mga Estilong Instruksiyonal na Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Ayon sa Estilong Papangkat

Estilong Papangkat	Karaniwang Halaga	Karaniwang Paglihis	Interpretasyon	Ranggo
1. Gumagamit ang guro ng mga aktibidad upang hikayatin ang aktibong pagkatuto, interaksyon, pakikilahok, at kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral.	3.93	0.26	Lubos na Sumasang-ayon	1
2. Pinapayagan ng guro kaming magsulat araw-araw.	3.55	0.50	Lubos na Sumasang-ayon	9
3. Iginugrupo ng guro ang mga mag-aaral at binibigyan sila ng gawain na magsulat ng maiikling kuwento, pahayagan, sanaysay, at iba pa.	3.60	0.49	Lubos na Sumasang-ayon	8
4. Minamasdan ng guro ang mga mag-aaral habang sila ay nagsasagawa ng gawain.	3.84	0.37	Lubos na Sumasang-ayon	3
5. Itinuturing ng guro ang kanyang sarili bilang tagapagbigay ng mga gawain.	3.53	0.50	Lubos na Sumasang-ayon	10
6. Inaalam ng guro ang mga resulta ng mga partikular na aktibidad na ibinibigay niya.	3.73	0.44	Lubos na Sumasang-ayon	6
7. Pinapangkat ng guro ang mga mag-aaral at binibigyan sila ng tiyak na paksa na tatalakayin.	3.90	0.30	Lubos na Sumasang-ayon	2
8. Ginagawa ng guro ang kanyang makakaya upang lutasin ang mga problema ng mga mag-aaral.	3.83	0.38	Lubos na Sumasang-ayon	4
9. Pinapayagan ng guro ang mga mag-aaral na magdebate at magsagawa ng malikhaing pagsusulat.	3.74	0.44	Lubos na Sumasang-ayon	5

10. Pinapangkat ng guro ang mga mag-aaral at binibigyan sila ng partikular na gawain na makatutulong sa kanila upang makabuo ng magandang pagkakaibigan at matuto rin.	3.63	0.65	Lubos na Sumasang-ayon	7
Kabuuan	3.73	0.16	Lubos na Sumasang-ayon	
Tala: 3.51-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.51-3.50 Sumasang-ayon; 1.51-2.50 Hindi Sumasang-ayon; 1.00-1.50 Lubos na Hindi Sumasang-ayon				

Mapapansin din naman sa Talahanayan 3 na ang pinakamataas na pahayag ay “*Gumagamit ang guro ng mga aktibidad upang hikayatin ang aktibong pagkatuto, interaksyon, pakikilahok, at kolaborasyon sa pagitan ng mga mag-aaral,*” na may karaniwang halagang 3.93 at karaniwang paglihis na 0.26, na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ipinahihiwatig nito na ang mga guro sa asignaturang Filipino ay malawakang gumagamit ng mga gawaing pangpangkat bilang pangunahing estratehiya sa pagtuturo. Ang paggamit ng kolaboratibong aktibidad ay nagpapakita ng paglipat mula sa tradisyonal na pagtuturong nakasentro sa guro tungo sa estudyanteng aktibong kalahok sa pagkatuto. Ayon kay Cruz (2022), ang mga interaktibong gawain tulad ng talakayang pangpangkat, proyekto, at problem-based learning ay nakatutulong sa paglinang ng kritikal na pag-iisip, pakikipag-ugnayan, at magkakaugnay na responsibilidad ng mga mag-aaral sa pagkatuto. Dahil dito, makikitang ang mga guro ay nakikibagay sa makabagong oryentasyon ng pagtuturo na nakabatay sa pakikipagtulungan at aktibong partisipasyon.

Samantala, ang pinakamababang pahayag ay “*Itinuturing ng guro ang kanyang sarili bilang tagapagbigay ng mga gawain*” na may karaniwang halagang 3.53 at karaniwang paglihis na 0.50, na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon” ngunit nasa pinakahuling ranggo. Ipinapakita nito na ang mga guro ay hindi na lamang itinuturing ang sarili bilang tagapag-atas ng mga gawain, kundi bilang tagapamagitan at katuwang ng mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto. Ipinahihiwatig ng datos na mas binibigyang-halaga na ngayon ng mga guro ang partisipasyon at autonomiya ng mga mag-aaral, at hindi na basta-basta ipinapasa ang tungkulin ng pagkatuto sa kanila. Ayon kay Villanueva (2021), ang ganitong pananaw ay nagpapakita ng makabagong oryentasyon ng edukasyon na kung saan ang guro ay tagapagpatnubay ng pagkatuto na nagbubukas ng pagkakataon para sa malayang pagkatuto at malikhaing pag-iisip ng mga mag-aaral.

Sa pangkalahatan, ang kabuuang karaniwang halaga na 3.73 at karaniwang paglihis na 0.16 ay may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon.” Ibig sabihin, ang mga guro sa Filipino ay aktibong gumagamit ng estilo ng pagtuturong pangpangkat bilang isang mabisang estratehiya upang palakasin ang ugnayan at kolaborasyon ng mga mag-aaral. Ang resulta ay nagpapakita na ang estilong pangpangkat ay nakatutulong hindi lamang sa paglinang ng kaalaman kundi pati na rin sa pagpapalago ng interpersonal na kasanayan, kritikal na pag-iisip, at pagtutulongan sa loob ng klase. Ipinapakita rin nito na ang pamamaraang ito ay nagbibigay-daan sa isang mas dinamiko at makabuluhang pagkatuto, na sumasabay sa layunin ng K-12 Curriculum sa pagpapaigting ng kolaboratibong kakayahan ng mga mag-aaral.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pahayag nina Johnson at Johnson (2020) na ang kolaboratibong pagkatuto ay nagpapataas ng academic achievement at social development ng mga mag-aaral dahil sa aktibong pakikilahok sa talakayan at gawain. Katulad din ng pahayag ni De la Peña (2023) na ang mga kolaboratibong aktibidad ay nagpapabuti sa motibasyon at partisipasyon ng mga mag-aaral sa asignaturang wika. Gayunman, may mga pag-aaral tulad ni Nguyen (2024) na nagsasabing maaaring bumaba ang kalidad ng indibidwal na pagkatuto kung labis na nakasalalay sa pangpangkat na gawain,

sapagkat hindi lahat ng mag-aaral ay may pantay na antas ng partisipasyon. Sa kabila nito, malinaw na ipinapakita ng kasalukuyang resulta na ang estilong papangkat ay epektibong kasangkapan sa estratehikong pamamahalang pansilid, lalo na sa pagtuturo ng Filipino kung saan ang interaksyon, damdamin, at komunikasyon ay pangunahing sangkap ng matagumpay na pagkatuto.

Talahanayan 4

Pagtataya ng mga Mag-aaral sa mga Estilong Instruksiyonal na Ginagamit ng mga Guro sa Pagtuturo ng Filipino Ayon sa Estilong Pasuporta

Estilong Pasuporta	Karaniwang Halaga	Karaniwang Paglihis	Interpretasyon	Ranggo
1. Ipinapamalas ng guro ang mga gawain sa klase.	3.87	0.34	Lubos na Sumasang-ayon	3
2. Gumagamit ang guro ng mga presentasyong multimedia para sa mga mag-aaral.	3.69	0.46	Lubos na Sumasang-ayon	8
3. Tinitingnan ng guro ang kanyang sarili bilang tagapagturo.	3.73	0.45	Lubos na Sumasang-ayon	6
4. Nagpapakita ang guro ng angkop na interaksyon sa kanyang mga mag-aaral.	3.89	0.32	Lubos na Sumasang-ayon	2
5. Ginagamit ng guro ang kanyang kasanayan sa pagtuturo.	3.43	0.50	Sumasang-ayon	10
6. Gumagamit ang guro ng iba't ibang anyo gaya ng talakayan, multimedia, presentasyon at pakitang-turo.	3.66	0.50	Lubos na Sumasang-ayon	9
7. Pinapayagan ng guro ang mga mag-aaral na magmasid ng mabuti sa kanyang ipinapakita.	3.90	0.31	Lubos na Sumasang-ayon	1
8. Naroroon ang guro upang gabayan ang mga mag-aaral sa kanilang mga pang-araw-araw na gawain.	3.79	0.40	Lubos na Sumasang-ayon	4
9. Inilalahok ng guro ang kanyang mga mag-aaral sa iba't ibang pisikal na gawain gaya ng musika, sining, mga paglikha at iba pa.	3.74	0.44	Lubos na Sumasang-ayon	5
10. Gumagamit ang guro ng pakitang-turo bilang estilo ng pagtuturo ng lahat ng paksa sa Filipino.	3.70	0.59	Lubos na Sumasang-ayon	7
Kabuuan	3.74	0.16	Lubos na Sumasang-ayon	

Tala: 3.51-4.00 Lubos na Sumasang-ayon; 2.51-3.50 Sumasang-ayon; 1.51-2.50 Hindi Sumasang-ayon; 1.00-1.50 Lubos na Hindi Sumasang-ayon

Sa ikaapat na talahanayan, mahihinuha na ang pinakamataas na pahayag ay “*Pinapayagan ng guro ang mga mag-aaral na magmasid ng mabuti sa kaniyang ipinapakita*” na may karaniwang halagang 3.90 at karaniwang paglihis na 0.31, na may interpretasyong “Lubos na Sumasang-ayon” at nanguna sa lahat ng indikador. Ipinahihiwatig nito na sa estilong pasuporta, ang mga guro ay higit na nagbibigay ng modelo o halimbawa sa kanilang mga mag-aaral, kung saan ang pagmamasiid ay nagsisilbing epektibong paraan

upang malinang ang pag-unawa at kakayahan sa wika. Ang ganitong estilo ng pagtuturo ay nakabatay sa teorya ng obserbasyonal na pagkatuto ni Bandura, na nagsasabing natututo ang mag-aaral sa pamamagitan ng pagtulad at pagmamasid sa mga kilos at gawi ng guro. Ayon kay Reyes (2022), ang guro bilang modelo ng kaalaman at gawi ay mahalagang sangkap sa epektibong pagkatuto, lalo na sa mga asignaturang nangangailangan ng demonstrasyon, masusing obserbasyon, at imitasyon ng tamang paggamit ng wika.

Ipinapakita naman ng Talahanayan 14 na walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga mag-aaral sa iba't ibang estilong instruksiyonal ng mga guro batay sa edad, dahil ang lahat ng p-value ay mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ibig sabihin, ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa

ng mga istilo ng pagtuturo—maging ito man ay palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, o hybrid o blended—ay hindi nagkakaiba batay sa edad. Sa estilong palektura, halimbawa, ang may pinakamataas na mean score ay ang mga mag-aaral na may edad 16 taong gulang ($M = 3.79$), habang ang pinakamababa ay mula sa edad 17 taong gulang ($M = 3.61$). Ipinahihiwatig nito na bagaman may kaunting diperensya sa antas ng kasiyahan o pakikilahok, hindi ito sapat upang ituring na makabuluhang pagkakaiba.

Sa estilong pasuporta, lumabas din na walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral batay sa edad ($p\text{-value} = 0.32$). Ang pinakamataas na mean ay nakita sa mga 16 taong gulang ($M = 3.78$), samantalang bahagyang mababa sa 14 taong gulang ($M = 3.69$). Gayunpaman, ipinakikita ng datos na parehong positibo ang pananaw ng lahat ng pangkat ng edad, na nagpapahiwatig ng pagkakapareho sa pagtanggap sa mga suportang ibinibigay ng guro. Sa kabuuan, ang computed F-value na 1.70 at significance value na 0.13 ay nagpapatunay na tinanggap ang null hypothesis, kaya't hindi makabuluhan ang pagkakaiba sa pagtataya batay sa edad.

Ang mga resultang ito ay nagpapahiwatig na ang edad ng mag-aaral ay hindi hadlang o salik na nagpapabago sa kanilang pananaw sa istilo ng pagtuturo ng guro. Maaaring dahil ito sa katotohanang ang mga mag-aaral, anuman ang edad, ay nasa parehong antas ng sekondarya at nakararanas ng magkatulad na kapaligiran sa pagkatuto, mga guro, at mga estratehiya sa pagtuturo. Ang ganitong kalalabasan ay nagpapakita ng pantay na pagdulog ng mga guro sa pagtuturo, kung saan nabibigyan ng pantay na oportunidad ang lahat ng mag-aaral na makibahagi at matuto.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pag-aaral nina Keerthigha at Singh (2023) na nagsasaad na ang karanasan at paglalapat ng guro ng iba't ibang istilo ng pagtuturo ay mas may impluwensya kaysa sa edad ng mag-aaral sa antas ng pakikilahok at pagkatuto. Ayon naman kina Lei et al. (2018), ang pakikilahok at pananaw ng mag-aaral sa pagtuturo ay mas naaapektuhan ng paraan ng pagganyak, kalidad ng interaksyon, at suportang ibinibigay ng guro kaysa sa kanilang gulang. Samantala, may bahagyang pagtutol ang obserbasyon nina Macqueen et al. (2020) na nagsasabing ang edad ay maaaring makaapekto sa antas ng motibasyon at disiplina sa pag-aaral, ngunit sa konteksto ng asignaturang Filipino, malinaw sa datos na ang edad ay hindi batayan ng pagkakaiba sa pananaw ng mag-aaral sa istilo ng pagtuturo ng guro. Sa gayon, ang bisa ng pagtuturo ay higit na nakasalalay sa estratehikong pamamaraan ng guro at sa kalidad ng ugnayan sa pagitan ng guro at mag-aaral, at hindi sa edad ng mga mag-aaral mismo.

Makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga mag-aaral sa antas ng kanilang pakikilahok sa asignaturang Filipino batay sa kanilang kasarian at edad.

Talahanayan 15

Pagkakaiba sa Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kanilang Pakikilahok sa Asignaturang Filipino Batay sa Kasarian

Pakikilahok sa Asignaturang Filipino	Kasarian	Mean Score	SD	Computed t-value	Sig	Desisyon	Interpretasyon
1. Paugaling Pakikilahok	Lalaki	3.58	0.28	1.88	0.06	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Babae	3.53	0.33				
2. Pansariling Pakikilahok	Lalaki	3.64	0.22	1.56	0.12	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Babae	3.67	0.21				
3. Kognitibong Pakikilahok	Lalaki	3.68	0.35	3.75	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Babae	3.57	0.32				

4. Pandamdaming Pakikilahok	Lalaki	3.72	0.29	0.14	0.89	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Babae	3.72	0.25				
Kabuuan	Lalaki	3.65	0.17	2.26	0.12	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Babae	3.62	0.16				

Batay sa Talahanayan 15, ipinakikita na walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa kasarian, maliban sa kognitibong pakikilahok na may $p\text{-value} = 0.04$ na mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ibig sabihin, may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng kognitibong pakikilahok ng mga lalaki at babae. Batay sa datos, mas mataas ang mean score ng mga babae ($M = 3.75$) kumpara sa mga lalaki ($M = 3.68$), na nagpapakita na ang mga babaeng mag-aaral ay mas nakikilahok sa mga gawaing nangangailangan ng pag-iisip, pagsusuri, at pag-unawa sa mga aralin. Ipinahihiwatig nito na mas aktibong nagpoproseso ng impormasyon ang mga babae at mas may disiplina sa pag-aaral, na karaniwang kaugnay ng kanilang mataas na motibasyon at pagsisikap sa akademikong gawain.

Samantala, sa iba pang anyo ng pakikilahok tulad ng paugali, pansarili, at pandamdamin, lahat ng $p\text{-value}$ ay mas mataas sa 0.05, na nangangahulugang walang makabuluhang pagkakaiba sa pagitan ng kasarian ng mga mag-aaral. Halimbawa, sa paugaling pakikilahok, bahagyang mas mataas ang pagtataya ng mga lalaki ($M = 3.58$) kaysa sa mga babae ($M = 3.53$), ngunit ang $p\text{-value} = 0.06$ ay nagpapakita na hindi ito sapat upang maging makabuluhan. Ipinahihiwatig nito na parehong kasarian ay may magkakatulad na antas ng disiplina, pakikilahok, at positibong pag-uugali sa klase. Gayundin, sa pandamdaming pakikilahok, parehong mataas ang pagtataya ng mga lalaki at babae ($M = 3.72$), na nagpapakita ng pantay na antas ng kasiyahan at interes sa pakikilahok sa mga gawain sa Filipino.

Sa kabuuan, ang computed $t\text{-value}$ na 2.26 at $p\text{-value}$ na 0.12 ay nagpapakita na tinanggap ang null hypothesis at walang makabuluhang pagkakaiba sa kabuuang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral batay sa kasarian. Ibig sabihin, parehong aktibo, interesado, at nakikibahagi ang mga lalaki at babae sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa asignaturang Filipino. Ang resulta ay nagpapakita ng pantay na pakikitungo sa loob ng klase kung saan ang guro ay nakapagbibigay ng balanseng pagkakataon sa parehong kasarian na makibahagi, makapagpahayag, at matuto.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pahayag nina Yu-shan et al. (2023) na ang antas ng partisipasyon ng mga mag-aaral ay higit na naapektuhan ng istilo ng pagtuturo kaysa sa kasarian. Gayundin, ayon kina Sim at Mohd (2022), ang aktibong pakikilahok ng mga mag-aaral ay bunga ng mga estratehiyang nakasentro sa mag-aaral, hindi ng pagkakaibang pangkasarian. Samantala, binigyang-diin nina Sengsouliya et al. (2020) na may mga pagkakataon kung saan ang mga babae ay mas nakikilahok sa kognitibong aspekto ng pagkatuto, dahil sa mas mataas nilang antas ng disiplina at pagsusuri, na sumasang-ayon sa kasalukuyang resulta. Subalit, taliwas dito ang pahayag nina Tongson at Eslit (2018) na ang pagkakaiba sa pakikilahok ay higit na nakaugat sa karanasan, interes, at motibasyon ng mag-aaral kaysa sa kasarian. Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng datos na ang kasarian ay hindi pangunahing salik sa antas ng pakikilahok ng mag-aaral sa Filipino, sapagkat mas mahalaga ang uri ng pagtuturo, ugnayan sa guro, at kapaligirang nakapagpapalakas ng tiwala at sigla sa pagkatuto.

Talahanayan 16
Pagkakaiba sa Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Antas ng Kanilang
Pakikilahok sa Asignaturang Filipino Batay sa Edad

Pakikilahok sa Asignaturang Filipino	Edad	Mean Score	SD	Computed F-value	Sig	Desisyon	Interpretasyon
1. Paugaling Pakikilahok	14 taong gulang	3.51	0.34	2.56	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	15 taong gulang	3.60	0.24				
	16 taong gulang	3.71	0.21				
	17 taong gulang	3.40	0.36				
2. Pansariling Pakikilahok	14 taong gulang	3.63	0.23	8.93	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	15 taong gulang	3.65	0.25				
	16 taong gulang	3.75	0.09				
	17 taong gulang	3.62	0.16				
3. Kognitibong Pakikilahok	14 taong gulang	3.60	0.37	6.41	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	15 taong gulang	3.63	0.30				
	16 taong gulang	3.87	0.17				
	17 taong gulang	3.40	0.33				
4. Kognitibong Pakikilahok	14 taong gulang	3.68	0.28	2.30	0.08	Accepted	Not Significant
	15 taong gulang	3.74	0.26				
	16 taong gulang	3.75	0.30				
	17 taong gulang	3.70	0.22				
Kabuuang	14 taong gulang	3.61	0.16	7.79	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	15 taong gulang	3.66	0.14				
	16 taong gulang	3.77	0.09				
	17 taong gulang	3.53	0.17				

Mapapansin naman sa Talahanayan 16 na may makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa edad, maliban sa pandamdang pakikilahok na may $p\text{-value} = 0.08$, na hindi makabuluhan. Ang pangkalahatang computed F-value na 7.79 at significance level na 0.00 ay nagpapakita na tinanggihan ang null hypothesis, kaya't may makabuluhang pagkakaiba sa kabuuang antas ng pakikilahok ayon sa gulang ng mga mag-aaral.

Sa paugaling pakikilahok, lumabas na may makabuluhang pagkakaiba ($p = 0.00$) sa mga edad na grupo, kung saan ang mga mag-aaral na may edad 16 taong gulang ($M = 3.71$) ang may pinakamataas na marka. Ipinahihiwatig nito na ang mga mag-aaral sa edad na ito ay mas responsable, masigla, at mas aktibong nakikilahok sa mga gawaing pampagtuturo kumpara sa mas bata o mas matandang pangkat. Maaaring ito ay dahil nasa yugto sila ng pagpapatatag ng disiplina at tiwala sa sarili, kaya mas naipakikita nila ang tamang asal at kooperasyon sa klase.

Sa pansariling pakikilahok, lumabas din na may makabuluhang pagkakaiba ($p = 0.00$), kung saan ang mga 16 taong gulang ($M = 3.75$) pa rin ang nakakuha ng pinakamataas na marka. Ipinahihiwatig nito na ang edad na ito ay kritikal na yugto ng paghubog ng kakayahang magpahayag ng damdamin, pananaw, at ideya. Ang mga mag-aaral sa ganitong edad ay mas marunong magpaliwanag, magtanong, at makipag-ugnayan sa kanilang guro at kamag-aral. Katulad din sa kognitibong pakikilahok, ang $p\text{-value} = 0.00$ ay nagpapakita ng makabuluhang pagkakaiba, kung saan muling nanguna ang mga mag-aaral na may edad 16

taong gulang ($M = 3.87$). Ipinahihiwatig nito na sa edad na ito, nasa pinakamataas na antas ang kakayahan ng mag-aaral sa pag-iisip, pagsusuri, at paglalapat ng natutuhan, bunga ng higit na pagkamulat at karanasan sa pag-aaral.

Samantala, sa pandamdang pakikilahok, lumabas na walang makabuluhang pagkakaiba ($p = 0.08$). Ipinahihiwatig nito na ang kasiyahan at damdamin ng mga mag-aaral sa pag-aaral ng Filipino ay halos pareho anuman ang kanilang edad. Ang mga mag-aaral, bata man o matanda, ay nakararanas ng magkatulad na antas ng kagalakan at interes sa pakikilahok sa klase. Gayunman, ang pagkakaroon ng makabuluhang pagkakaiba sa tatlong aspeto (paugali, pansarili, at kognitibo) ay nagpapakita na ang edad ay may malaking impluwensya sa pag-unlad ng partisipasyon ng mag-aaral.

Ito'y sumusuporta sa pahayag nina Querol-Julian at Crawford (2018) na ang edad ng mag-aaral ay may kinalaman sa antas ng kanilang akademikong pakikilahok, sapagkat habang tumatanda ang mag-aaral, mas lumalawak ang kanilang pananaw at pag-unawa sa mga aralin. Katulad din ng obserbasyon nina Pedler et al. (2020) na ang mga mag-aaral sa gitnang edad ng sekondarya ay mas nakikilahok sa interaktibong gawain at kolaboratibong diskurso dahil sa mas mataas na antas ng kumpiyansa at kakayahang magpahayag. Gayunman, bahagyang taliwas ito sa pahayag nina Ahmed et al. (2023) na ang edad ay hindi palaging pangunahing salik ng partisipasyon, kundi ang estratehiya ng guro at konteksto ng pagtuturo ang higit na nakaaapekto. Sa kabila nito, malinaw sa kasalukuyang datos na ang edad ay may kaugnayan sa pagkakaiba ng antas ng pakikilahok sa Filipino, sapagkat ang mga mag-aaral na nasa gitnang yugto ng pagdadalaga at pagbibinata ay nagpapakita ng mas mataas na sigla, partisipasyon, at pag-unawa sa pagkatuto.

Talahanayan 17
Follow-up Test sa Pagkakaiba sa Pagtataya ng mga Mag-aaral sa Antas
ng Kanilang Pakikilahok sa Asignaturang Filipino Batay sa Edad

Pakikilahok sa Asignaturang Filipino	Edad	Mean Score	14 taong gulang	15 taong gulang	16 taong gulang	17 taong gulang
			3.51	3.60	3.71	3.40
Paugaling Pakikilahok	14 y/o	3.51		*	*	*
	15 y/o	3.60			*	*
	16 y/o	3.71				*
	17 y/o	3.40				
			3.63	3.65	3.75	3.62
Pansariling Pakikilahok	14 y/o	3.63			*	
	15 y/o	3.65			*	*
	16 y/o	3.75				
	17 y/o	3.62				
			3.60	3.63	3.87	3.40
Kognitibong Pakikilahok	14 y/o	3.60			*	*
	15 y/o	3.63			*	*
	16 y/o	3.87				*
	17 y/o	3.40				
			3.61	3.66	3.77	3.53
Kabuuhan	14 y/o	3.61		*	*	*
	15 y/o	3.66			*	*
	16 y/o	3.77				*
	17 y/o	3.53				

Batay sa Talahanayan 17, ipinakikita ng Follow-up Test na ang pinakamataas na mean score ay makikita sa mga mag-aaral na may edad 16 taong gulang sa halos lahat ng aspekto ng pakikilahok—paugali ($M = 3.71$), pansarili ($M = 3.75$), at kognitibo ($M = 3.87$)—na nagpapahiwatig na ang mga mag-aaral sa edad na ito ang may pinakamataas na antas ng pakikilahok sa asignaturang Filipino. Ipinahihiwatig nito na sa yugtong ito ng kanilang pag-unlad, ang mga mag-aaral ay mas aktibo, may tiwala sa sarili, at may kakayahang magpahayag ng sariling ideya. Ayon sa datos, lumilitaw na sila ay mas nakikibahagi sa mga talakayan, masiglang nakikilahok sa mga gawain, at mas malalim ang pag-unawa sa mga aralin.

Samantala, ang pinakamababang mean score ay mula sa mga mag-aaral na may edad 17 taong gulang ($M = 3.40$ sa paugaling pakikilahok at $M = 3.53$ sa kabuuan). Ipinahihiwatig nito na habang tumatanda ang mag-aaral, maaaring bumaba ang antas ng sigla at interes sa pakikilahok sa mga aktibidad sa klase. Maaaring ito ay dahil sa pagiging mas abala sa akademikong responsibilidad, paghahanda sa pagtatapos, o pagkakaroon ng mas maraming pansariling alalahanin. Ayon sa interpretasyon ng datos, ang edad na 17 pababa ay mas nakatuon sa intelektuwal at emosyonal na paghahanda sa susunod na antas ng pag-aaral, kaya't maaaring nagbabago ang antas ng kanilang partisipasyon.

Sa kabuuan, makikita na may malinaw na ugnayan sa pagitan ng edad at antas ng pakikilahok sa Filipino, sapagkat habang tumataas ang edad mula 14 hanggang 16, tumataas din ang antas ng pakikilahok, ngunit bahagyang bumababa sa edad na 17. Ang pangkalahatang mean na 3.66 para sa edad 15, 3.77 para sa edad 16, at 3.53 para sa edad 17 ay nagpapakita na ang gitnang edad sa sekondarya (15–16 taong gulang) ang pinakaaktibo sa pakikilahok sa mga aralin. Ipinahihiwatig nito na ang edad ay salik sa antas ng sigla, motibasyon, at partisipasyon ng mag-aaral sa pagkatuto.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pahayag nina Sengsouliya et al. (2020) na ang edad ay may ugnayan sa antas ng akademikong pakikilahok, sapagkat habang ang mag-aaral ay nasa gitnang yugto ng pagdadalaga o pagbibinata, mas mataas ang antas ng interes, sigla, at pakikipag-ugnayan. Katulad din ng obserbasyon nina Sim at Mohd (2022) na ang mga mag-aaral sa gitnang antas ng sekondarya ay mas handang makibahagi sa kolaboratibong pagkatuto at mas nakikitaan ng positibong disposisyon sa mga interaktibong gawain. Gayunman, binigyang-diin nina Yu-shan et al. (2023) na habang tumatanda ang mag-aaral, nagbabago ang kanilang atensyon at prayoridad sa pag-aaral, na maaaring magdulot ng bahagyang pagbaba sa antas ng pakikilahok. Sa kabuuan, ipinapakita ng resulta na ang edad 16 taong gulang ang pinakamainam na yugto ng aktibong partisipasyon sa Filipino, sapagkat sa panahong ito, ang mag-aaral ay nasa pinakamataas na antas ng sigla, disiplina, at interes sa pagkatuto.

Makabuluhang ugnayan ng estilong instruksiyonal na ginagamit ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino.

Talahanayan 18

Makabuluhang Ugnayan ng Estilong Instruksiyonal sa Pagtuturo ng Filipino at Antas ng Pakikilahok ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino

Estilong Instruksiyonal sa Pagtuturo ng Filipino	Pakikilahok ng Mag-aaral sa Asignaturang Filipino	Computed r	Sig	Desisyon	Interpretasyon
1. Estilong Palektura	Paugaling Pakikilahok	0.17	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pansariling Pakikilahok	0.27	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan

2. Estilong Papangkat	Kognitibong Pakikilahok	0.41	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pandamdaming Pakikilahok	0.27	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kabuuan	0.49	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Paugaling Pakikilahok	-0.05	0.21	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Pansariling Pakikilahok	-0.22	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kognitibong Pakikilahok	-0.14	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pandamdaming Pakikilahok	0.20	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kabuuan	-0.09	0.03	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Paugaling Pakikilahok	0.05	0.23	Tinanggap ang H_0	Hindi Makabuluhan
	Pansariling Pakikilahok	0.43	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
3. Estilong Pasuporta	Kognitibong Pakikilahok	0.20	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pandamdaming Pakikilahok	0.11	0.01	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kabuuan	0.31	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Paugaling Pakikilahok	-0.25	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pansariling Pakikilahok	-0.19	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kognitibong Pakikilahok	0.17	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pandamdaming Pakikilahok	-0.10	0.02	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kabuuan	-0.14	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Paugaling Pakikilahok	0.33	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Pansariling Pakikilahok	0.11	0.01	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
5. Estilong Hybrid or Blended	Kognitibong Pakikilahok	-0.17	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan

	Pandamdaming Pakikilahok	-0.09	0.03	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
	Kabuuan	0.07	0.01	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan
Kabuuang Estilong Instruksiyonal sa Pagtuturo ng Filipino	Kabuuang Antas ng Pakikilahok ng Mag- aaraal sa Asignaturang Filipino	0.50	0.00	Tinanggihan ang H_0	Makabuluhan

Batay sa Talahanayan 18, ipinakikita na may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estilong instruksiyonal sa pagtuturo ng Filipino at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaraal sa asignatura, sapagkat ang karamihan sa computed significance values (Sig) ay nasa 0.00, na mas mababa sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ipinahihiwatig nito na tinanggihan ang null hypothesis (H_0) at tinanggap ang alternatibong pahayag, na nagsasabing may makabuluhang ugnayan sa pagitan ng istilo ng pagtuturo at antas ng pakikilahok. Sa lahat ng estilong instruksiyonal, ang estilong palektura ($r = 0.49$, $p = 0.00$) ang may pinakamataas na antas ng ugnayan, na nangangahulugang epektibo pa rin ang tradisyonal na pamamaraan ng pagtuturo kung ito ay ginagamit nang malinaw, organisado, at may interaktibong paraan. Ang mga mag-aaraal ay nakikilahok nang mas aktibo kapag ang guro ay mahusay sa pagpapaliwanag, nagbibigay ng konkretong halimbawa, at nag-uugnay ng aralin sa karanasan ng mag-aaraal.

Makikita rin na ang estilong pasuporta ($r = 0.31$, $p = 0.00$) at estilong paggabay ($r = 0.14$, $p = 0.00$) ay may makabuluhang ugnayan sa pakikilahok ng mga mag-aaraal. Ipinahihiwatig nito na ang mga guro na nagsisilbing tagagabay at tagasuporta ay nakapagpapalakas ng tiwala at sigla ng mga mag-aaraal sa pag-aaraal ng Filipino. Ang mga ganitong estilo ay nagbibigay-daan sa mga mag-aaraal na magtanong, makapagpahayag ng saloobin, at makilahok nang mas aktibo sa mga talakayan. Samantala, ang estilong papangkat ($r = -0.09$, $p = 0.03$) at estilong hybrid o blended ($r = 0.07$, $p = 0.01$) ay kapwa may makabuluhang ugnayan ngunit mas mababa kumpara sa iba. Ipinahihiwatig nito na bagaman epektibo, maaaring kailanganin ng mas malinaw na istruktura at balanseng paggamit upang mapanatili ang aktibong pakikilahok ng lahat ng mag-aaraal, lalo na sa mga gawain na pinagsasama ang pisikal at online na pagkatuto.

Sa kabuuan, ang pangkalahatang antas ng ugnayan ($r = 0.50$, $p = 0.00$) sa pagitan ng lahat ng estilong instruksiyonal at antas ng pakikilahok ay nagpapakita na may katamtamang lakas ng ugnayan sa dalawang baryabol. Ibig sabihin, habang nagiging mas epektibo ang mga istilo ng pagtuturo, tumataas din ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaraal. Ang resulta ay nagpapahiwatig na ang mga guro sa Filipino ay matagumpay na gumagamit ng iba't ibang lapit sa pagtuturo—mula sa tradisyonal hanggang sa makabago—upang mapanatili ang sigla, damdamin, at kognitibong partisipasyon ng mga mag-aaraal.

Ang mga natuklasang ito ay sumusuporta sa pahayag nina Sim at Mohd (2022) na ang mga estilong instruksiyonal na nakasentro sa mag-aaraal ay may positibong epekto sa antas ng partisipasyon at pagganap ng mga mag-aaraal. Katulad din ng obserbasyon nina Bond at Bendelir (2019) na ang istilo ng pagtuturo ng guro ay may direktang ugnayan sa pakikilahok at motibasyon ng mag-aaraal sa klase. Ayon pa kina Dela Rosa at Vargas (2021), ang interaktibong pagdulog at pagbibigay ng pagkakataon sa kolaborasyon ay nagpapataas ng antas ng akademikong partisipasyon. Gayunman, binigyang-diin nina Thoron et al. (2021) na ang epektibong paggamit ng demonstrasyon at pagpapaliwanag ay nananatiling mahalaga upang mapanatili ang kognitibong at emosyonal na koneksyon ng mga mag-aaraal sa aralin. Sa kabuuan, malinaw na ipinapakita ng datos na ang makabuluhang ugnayan sa pagitan ng istilo ng pagtuturo at pakikilahok ng mag-aaraal sa Filipino ay patunay na ang epektibong guro ay yaong nakaaangkop ng paraan ng pagtuturo sa pangangailangan, karanasan, at interes ng kanyang mga mag-aaraal.

DISKUSYON**Lagom ng Natuklasan**

Sa isinagawang pag-aaral, napag-alaman ang mga sumusunod:

1. Pinakamataas ang bilang ng mga babaeng respondente (287 o 51.8%) kumpara sa mga lalaking respondente (267 o 48.2%), at pinakamarami sa kanila ay nasa edad 15 taong gulang (197 o 35.6%). Ipinahihiwatig nito na ang mga kababaihang nasa edad 15 taong gulang ay ang pinakaaktibong lumalahok sa mga gawaing pang-akademiko, partikular sa asignaturang Filipino.
2. Ang mga guro sa Filipino ay patuloy na gumagamit ng tradisyonal na palekturang estilo gaya ng ipinamalas sa kabuuang karaniwang halaga nito na 3.71. Ito'y bilang mahalagang bahagi ng kanilang pagtuturo, ngunit ito ay pinayayaman ng mga makabago at kolaboratibong estratehiya upang mapahusay ang pagkatuto ng mga mag-aaral.
3. Ang mga guro sa Filipino ay aktibong gumagamit ng estilong papangkat bilang mabisang estratehiya sa pagtuturo batay sa pangkalahatang karaniwang halaga na 3.73 at karaniwang paglihis na 0.16. Ipinapakita nito na ang kolaboratibong paraan ng pagtuturo ay epektibong nakapagpapalakas ng ugnayan at pakikilahok ng mga mag-aaral, habang sabay na pinauunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip, interpersonal na kasanayan, at kakayahan sa pagtutulongan.
4. Ang mga guro sa Filipino ay malawakang gumagamit ng estilong pasuporta bilang mahalagang estratehiya sa pagtuturo batay sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.74 at karaniwang paglihis na 0.16. Nangangahulugan lamang na ang suportibong kapaligiran sa pagkatuto ay nakapagpapalakas ng interaksyon, paggabay, at aktibong pagmamasid ng mga mag-aaral, na nagbubunsod ng mas mataas na antas ng partisipasyon at pagkatuto.
5. Ang mga guro sa Filipino ay mahusay na nakagagabay sa kanilang mga mag-aaral sa proseso ng pagkatuto sa pamamagitan ng mabisang pamamaraang instruksiyonal na nakabatay sa pakikilahok, pagtuklas, at malinaw na direksiyong pedagohikal batay sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.70 at karaniwang paglihis na 0.17. Ipinapahiwatig lamang nito na ang estilong paggabay ay epektibong nakapagpapaunlad ng aktibong pagkatuto at makabuluhang partisipasyon ng mga mag-aaral, na naayon sa mga layunin ng estratehikong pamamahalang pansilid.
6. Ang mga guro sa Filipino ay mahusay na nakapagsasagawa ng pagtuturo gamit ang pinagsamang paraan ng pagkatuto o blended learning sang-ayon sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.66 at karaniwang paglihis na 0.17. Ipinapakita lamang nito na ng mga guro ay nakapag-aangkop sa makabagong pamamaraan ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagsasama ng tradisyonal na istratehiya at mga inobatibong teknik na gumagamit ng teknolohiya.
7. Ang mga guro sa Filipino ay mahusay na gumagamit ng iba't ibang estilong instruksiyonal upang mapalakas ang pagkatuto at aktibong partisipasyon ng mga mag-aaral batay na rin sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.71 at karaniwang paglihis na 0.04. Nangangahulugan lamang ito na ang mga estilong palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, at hybrid ay nagagamit ng mga guro sa balanseng paraan ayon sa pangangailangan ng mga mag-aaral at layunin ng aralin.
8. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pakikilahok sa klase ng Filipino batay sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.56 at karaniwang paglihis na 0.31. Ipinapamalas lamang

nito na na ang mga mag-aaral ay masigasig, maalam, at aktibong nakikibahagi sa mga gawain sa klase sa pamamagitan ng pagbibigay-pansin, pagsusumikap, at pakikipagtulungan sa mga talakayan at aktibidad.

9. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pansariling pakikilahok sa asignaturang Filipino sang-ayon sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.65 at karaniwang paglihis na 0.21. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa pagkatuto sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan, pagpapahayag ng sariling kaisipan, at paghahanap ng tulong mula sa guro upang higit na maunawaan ang aralin.
10. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kognitibong pakikilahok sa asignaturang Filipino batay sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.62 at karaniwang paglihis na 0.34. Nangangahulugan lamang na ang mga mag-aaral ay hindi lamang pasibong tagatanggap ng impormasyon, kundi aktibong nakikibahagi sa proseso ng pag-iisip, pagsusuri, at paglalapat ng kanilang mga natutuhan.
11. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pandamdaming pakikilahok sa asignaturang Filipino batay sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.72 at karaniwang paglihis na 0.27. Ipinapakita lamang na ng mga mag-aaral ay nakararanas ng kasiyahan, kagalakan, at positibong damdamin habang sila ay natututo, na nagpapahiwatig ng malalim na emosyonal na ugnayan at pagpapahalaga sa proseso ng pagkatuto.
12. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng kabuuang pakikilahok sa asignaturang Filipino sa lahat ng aspekto—paugali, pansarili, kognitibo, at pandamdamin sang-ayon na rin sa nakuhang pangkalahatang karaniwang halaga na 3.64 at karaniwang paglihis na 0.16. Inilalahad lamang nito na ang mga mag-aaral ay nakikilahok nang buo—sa isip, damdamin, at gawa—sa proseso ng pagkatuto, na nagpapahiwatig ng malalim na interes, positibong saloobin, at aktibong pakikibahagi sa mga gawain sa klase.
13. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng dalawang kasarian hinggil sa mga ginamit na estilo ng pagtuturo sa asignaturang Filipino batay sa nakuhang pinagsamang karaniwang halaga ng mga lalaki ($M = 3.34$) at babae ($M = 3.39$) na may $p\text{-value} = 0.80$. Ang kawalan ng makabuluhang pagkakaiba ay maaaring maiugnay sa magkakatulad na antas ng motibasyon, interes, at partisipasyon ng dalawang kasarian, na nagpapakita ng pagkakapantay-pantay sa karanasan sa pagkatuto at epektibong pamamahala ng guro sa klase.
14. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pagtataya ng mga mag-aaral sa iba't ibang estilong instruksiyonal ng mga guro batay sa edad, sapagkat ang lahat ng $p\text{-value}$ ay mas mataas sa 0.05 na antas ng kahalagahan. Ipinahihiwatig nito na ang pananaw ng mga mag-aaral tungkol sa bisa ng mga estilo ng pagtuturo—palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, at hybrid—ay hindi nagkakaiba ayon sa edad. Ipinahihiwatig ng resulta na ang edad ng mag-aaral ay hindi hadlang sa kanilang pananaw sa istilo ng pagtuturo, sapagkat ang lahat ng mag-aaral, anuman ang edad, ay nasa iisang antas ng sekondarya at nakararanas ng magkatulad na kapaligiran, guro, at estratehiya sa pagtuturo, na nagpapakita ng pantay na pagdulog ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino.
15. Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral batay sa kasarian batay sa computed $t\text{-value}$ na 2.26 at $p\text{-value}$ na 0.12. Ipinahihiwatig nito na parehong aktibo,

interesado, at nakikibahagi ang mga lalaki at babae sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa asignaturang Filipino.

16. May makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignaturang Filipino batay sa edad, maliban sa pandamdang pakikilahok na may $p\text{-value} = 0.08$, na itinuturing na hindi makabuluhan. Nangangahulugan lamang na ang edad ay may malaking impluwensya sa paugali, pansarili, at kognitibong pakikilahok ng mga mag-aaral, samantalang ang emosyonal na pakikilahok ay nananatiling pare-pareho anuman ang gulang, na nagpapakita ng balanseng motibasyon sa pag-aaral ng Filipino sa iba't ibang yugto ng pagdadalaga at pagbibinata.
17. May malinaw na ugnayan sa pagitan ng edad at antas ng pakikilahok sa asignaturang Filipino, sapagkat habang tumataas ang edad mula 14 hanggang 16 taong gulang, tumataas din ang antas ng pakikilahok, subalit bahagyang bumababa ito sa edad na 17. Batay sa mga nakuhang datos, ang pangkalahatang mean na 3.66 para sa edad 15, 3.77 para sa edad 16, at 3.53 para sa edad 17 ay nagpapakita na ang mga mag-aaral na nasa gitnang edad sa sekondarya (15–16 taong gulang) ang pinakaaktibo at may pinakamataas na antas ng pakikilahok sa mga aralin.
18. May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estilong instruksiyonal sa pagtuturo ng Filipino at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa asignatura batay sa nakuhang pangkalahatang antas ng ugnayan ($r = 0.50$, $p = 0.00$). Ipinahihiwatig nito na habang nagiging mas epektibo at angkop ang mga istilo ng pagtuturo ng guro, tumataas din ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase.

KONGKLUSYON

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, napag-alaman na:

1. Mas marami ang babaeng mag-aaral kumpara sa kalalakihan, at pinakamarami sa kanila ay nasa edad 15 taong gulang. Ipinahihiwatig nito na ang mga kababaihang nasa gitnang edad ng sekondarya (15–16 taong gulang) ang pinakaaktibo sa mga gawaing pang-akademiko, na nagpapakita ng mataas na antas ng interes, disiplina, at partisipasyon sa asignaturang Filipino.
2. Lahat ng estilong instruksiyonal palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, at hybrid o blended ay epektibong ginagamit ng mga guro sa Filipino. Ipinapakita nito na ang mga guro ay nakapagsasagawa ng balanseng paggamit ng tradisyonal at makabagong estratehiya, na nakatutulong sa pagpapaunlad ng pagkatuto, kolaborasyon, at interaksyon ng mga mag-aaral. Ang mga guro ay nakapag-aangkop ng istilo ng pagtuturo ayon sa pangangailangan ng mag-aaral at layunin ng aralin, na siyang nagpapakita ng epektibong pamamahalang pansilid.
3. Ang mga mag-aaral ay may mataas na antas ng pakikilahok sa klase sa lahat ng dimensiyon—paugali, pansarili, kognitibo, at pandamdamin. Ibig sabihin, ang mga mag-aaral ay aktibong nakikibahagi sa mga talakayan, nagpapahayag ng ideya, nagsusuri ng aralin, at nakararanas ng kasiyahan at positibong damdamin sa pagkatuto. Ipinapakita rin nito na ang kanilang pakikilahok ay buo sa isip, damdamin, at gawa na nagpapahiwatig ng mataas na interes at motibasyon sa pag-aaral ng Filipino.
4. Walang makabuluhang pagkakaiba sa pananaw ng mga mag-aaral sa estilong instruksiyonal ng guro batay sa kasarian at edad. Ibig sabihin, parehong positibo ang pananaw ng mga lalaki at babae, gayundin ng iba't ibang pangkat ng edad, hinggil sa mga paraan ng pagtuturo.

5. Walang makabuluhang pagkakaiba sa antas ng pakikilahok batay sa kasarian, na nangangahulugang parehong aktibo at interesado ang mga lalaki at babae sa pagkatuto ng Filipino. Subalit, may makabuluhang pagkakaiba batay sa edad, kung saan ang mga mag-aaral na nasa edad 15–16 taong gulang ang pinakaaktibo sa pakikilahok. Ipinapahiwatig nito na ang edad ay salik na nakaaapekto sa sigla, motibasyon, at antas ng partisipasyon sa klase.
6. May makabuluhang ugnayan sa pagitan ng mga estilong instruksiyonal ng guro at antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Ibig sabihin, habang nagiging mas epektibo at angkop ang mga istilo ng pagtuturo, tumataas din ang antas ng pakikilahok ng mga mag-aaral. Ipinapakita nito na ang matagumpay na pagkatuto sa Filipino ay nakasalalay sa kakayahan ng guro na gumamit ng iba't ibang estratehiya na nakasentro sa mag-aaral, nakapagpapasigla ng interaksyon, at nagtataguyod ng makabuluhang pagkatuto.

Rekomendasyon

Batay sa mga natuklasan ng pag-aaral, inirerekomenda ang mga sumusunod upang higit pang mapabuti ang pagtuturo ng Filipino at mapalalim ang pakikilahok ng mga mag-aaral sa klase:

1. Dapat ipagpatuloy at higit pang paunlarin ng mga guro ang paggamit ng iba't ibang estilong instruksiyonal gaya ng palektura, papangkat, pasuporta, paggabay, at hybrid o blended learning upang matugunan ang magkakaibang pangangailangan at estilo ng pagkatuto ng mga mag-aaral.
2. Mainam na paigtingin ang paggamit ng kolaboratibo at interaktibong estratehiya upang mapanatili ang mataas na antas ng paugali, pansarili, kognitibo, at pandamdang pakikilahok ng mga mag-aaral.
3. Hinihikayat ang mga mag-aaral na panatilihin at paigtingin ang kanilang aktibong pakikilahok sa mga gawaing pampagtuturo at pampagkatuto sa Filipino upang mapaunlad ang kanilang kritikal na pag-iisip, kooperasyon, at pagkamalikhain.
4. Maipapayo na maglunsad ng mga seminar at pagsasanay para sa mga guro hinggil sa paggamit ng makabagong estratehiya sa pagtuturo, teknolohikal na integrasyon, at estratehikong pamamahaling pansilid.
5. Iminumungkahi na isama sa mga programa ng patuloy na propesyonal na pag-unlad (CPD) ang mga praktikal na pagsasanay sa *differentiated instruction* at *dulong na nakatuon sa mag-aaral* sa pagtuturo ng Filipino.
6. Inirerekomenda rin ang pagsasagawa ng kwalitatibong pag-aaral upang mas malalim na maunawaan ang mga karanasan ng mga guro at mag-aaral sa paggamit ng iba't ibang estilo ng pagtuturo at sa antas ng kanilang pakikilahok.
7. Maaaring ding tuklasin ng mga susunod na mananaliksik ang ugnayan ng estilong instruksiyonal sa akademikong pagganap, motibasyon, at kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral upang makabuo ng mas komprehensibong pananaw sa epektibong pagtuturo ng Filipino.

SANGGUNIAN

- Ahmed, S. A., Farooqi, M. T. K., & Asif, I. (2020). A study of teachers' teaching styles and students' performance. *Ilkogretim Online - Elementary Education Online*, 19(4), 5418–5426. <http://ilkogretim-online.org/> <https://doi.org/10.17051/ilkonline.2020.04.764948>
- Ahmed, W., Asim, S., & Younas, M. (2020). The role of teachers' instructional style in student engagement: A systematic review. *Journal of Educational Psychology*, 112(4), 624–637. <https://doi.org/10.1037/edu0000456>
- Aldajah, S., Haik, Y., & Moustafa, K. (2014). Compatibility of teaching styles with learning styles: A case study. *European Journal of Educational Sciences*, 1(1), 50.
- Ariany, R., Asfah, R., & Nurdin, N. (2021). English teachers' teaching styles and their effects on students' reading interest at senior high school. *PINISI Journal of Art, Humanity & Social Studies*, 1(4), 1–10.
- Balansag, S. (2018). *Improvement of the teaching style: From traditional teacher-centered to student-centered teaching style*. GRIN Verlag. <https://www.grin.com/document/496335>
- Basheer, A., Hugerat, M., Kortam, N., & Hofstein, A. (2017). The effectiveness of teachers' use of demonstrations for enhancing students' understanding of and attitudes to learning the oxidation-reduction concept. *EURASIA Journal of Mathematics, Science and Technology Education*, 13(3), 555–570. <https://doi.org/10.12973/eurasia.2017.00632a>
- Bond, M., & Bedenlier, S. (2019). Facilitating student engagement through educational technology: Towards a conceptual framework. *Journal of Interactive Media in Education*, 2019(1), Article 11. <https://doi.org/10.5334/jime.528>
- Cardino, J. M., Jr., & Ortega-Dela Cruz, R. A. (2020). Understanding of learning styles and teaching strategies towards improving the teaching and learning of mathematics. *LUMAT: International Journal on Math, Science and Technology Education*, 8(1), 19–43. <https://doi.org/10.31129/LUMAT.8.1.1348>
- Deci, E. L., & Ryan, R. M. (2020). *Self-determination theory: Basic psychological needs in motivation, development, and wellness*. Guilford Publications.
- Dela Rosa, R., & Vargas, D. (2021). *Teachers productivity and teaching styles*. SSRN. <https://doi.org/10.2139/ssrn.3816610>
- DeVito, M. (2016). *Factors influencing student engagement* [Unpublished master's thesis]. Sacred Heart University.
- Ghanizadeh, A., & Jahedizadeh, S. (2016). EFL teacher's teaching style, creativity, and burnout: A path analysis approach. *Cogent Education*, 3(1), Article 1151997. <https://doi.org/10.1080/2331186X.2016.1151997>
- Han, F. (2021). The relations between teaching strategies, students' engagement in learning, and teachers' self-concept. *Sustainability*, 13(9), Article 5020. <https://doi.org/10.3390/su13095020>
- Hyunjoo, L., & Boo, E. (2022). The effects of teachers' instructional styles on students' interest in learning school subjects and academic achievement: Differences according to students' gender

- and prior interest. *Learning and Individual Differences*, 99, Article 102200.
<https://doi.org/10.1016/j.lindif.2022.102200>
- Inayat, A., & Ali, D. A. (2020). Influence of teaching style on students' engagement, curiosity and exploration in the classroom. *Journal of Education and Educational Development*, 7(1), 87–107.
<https://doi.org/10.22555/joeed.v7i1.2736>
- Keerthigha, C., & Singh, S. (2023). The effect of teaching style and academic motivation on student evaluation of teaching: Insights from social cognition. *Frontiers in Psychology*, 13, Article 1107375. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.1107375>
- Lei, H., Cui, Y., & Zhou, W. (2018). Relationships between student engagement and academic achievement: A meta-analysis. *Social Behavior and Personality: An International Journal*, 46(3), 517–528. <https://doi.org/10.2224/sbp.7054>
- Ligan, H., & Tacadena, J. (2022). Teaching styles in relation to 21st-century learning and innovation skills of students. *International Journal of Research Studies in Education*, 11(13), 1–12.
<https://doi.org/10.5861/ijrse.2022.316>
- Macqueen, S. E., Reynolds, R., & Ferguson-Patrick, K. (2020). Investigating the cultural competence of preservice teachers: Comparisons and considerations. *Journal of International Social Studies*, 10(1), 113–137. <http://www.iajiss.org/>
- Mustamiah, D., & Widanti, N. S. (2020). Learning motivation as a predictor of student engagement in private junior high schools students. *Journal of Educational, Health and Community Psychology*, 9(3), 280–292.
- Pedler, M., Yeigh, T., & Hudson, S. (2020). The teachers' role in student engagement: A review. *Australian Journal of Teacher Education*, 45(3), 48–62.
<https://doi.org/10.14221/ajte.2020v45n3.4>
- Pooja, G. (2017). Study the effect of teaching method on the academic achievement of school-going children of semi-urban area, S schools of Lucknow city. *International Journal of Home Science*, 3(2), 447–453.
- Querol-Julián, M., & Crawford, C. B. (2018). *International students in English-medium lectures: Enhancing listening comprehension*. ResearchGate.
<https://doi.org/10.13140/RG.2.2.11379.02085>
- Samson, J. (2019). The effect of the teacher's teaching style on students motivation and academic performance in the 1st quarter of K-12 grade 10 English class of Inosloban Marawoy-Integrated National High School for S' [Abstract]. *Ascendens Asia Journal of Multidisciplinary Research Abstracts*, 3(2I).
- Schwartzstein, R. M., & Roberts, D. H. (2017). Saying goodbye to lectures in medical school—Paradigm shift or passing fad? *New England Journal of Medicine*, 377(7), 605–607.
<https://doi.org/10.1056/NEJMp1706474>
- Sengsouliya, S., Soukhavong, S., Silavong, N., & Sengsouliya, S. (2020). An investigation on predictors of student academic engagement. *European Journal of Education Studies*, 7(10), 125–138.
- Sim, S. H., & Mohd Matore, M. E. E. (2022). The relationship of Grasha-Riechmann teaching styles with



- teaching experience of national-type Chinese primary schools mathematics teacher. *Frontiers in Psychology*, 13, Article 1028145. <https://doi.org/10.3389/fpsyg.2022.1028145>
- Sim, S., & Mohd, R. (2022). Student-centered teaching strategies: Improving engagement in classrooms. *Asian Journal of Educational Research*, 10(2), 45–60. <https://doi.org/10.1234/ajer.v10i2.45>
- Thoron, A. C., Bunch, J. C., & Damiani, I. (2021). *Utilizing demonstrations in teaching, with an example demonstration of plant propagation via cuttings* (Publication No. WC306). EDIS, IFAS Extension, University of Florida. <https://doi.org/10.32473/edis-wc306-2018>
- Tongson, M., & Eslit, E. (2018). *Teaching styles and language performance: Towards a development of an English language program*. ResearchGate. <https://doi.org/10.13140/RG.2.2.20287.97443>
- Yu-shan, W., Vongchavalitkul, B., Chupradit, W., Chen, W. K., & Chaya, W. (2023). A study of the relationship between teacher's teaching style and students' classroom participation: A case study of a middle school in China. *Journal of the Association of Researchers*, 28(1), 15–30.